REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepED Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

JUN 20 2006

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 238 , s. 2006

**GAWAD KOMISYON SA SANAYSAY-GANTIMPALANG COLLANTES 2006**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Puno/Pinuno ng mga Pribadong Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon ay magdaraos ng **Gawad Komisyon sa Sanaysay-Gantimpalang Collantes 2006**. Ito ay sa wikang Filipino. Ang tema ng timpalak sa sanaysay ay "Ang Buwan ng Wikang Pambansa ay Buwan ng mga Wika sa Pilipinas" o anumang tema na nagpapatungkol sa dibersidad pangwika sa ating bansa.

2. Bukod sa gawad na ito, sa kaunaunahang pagkakataon ay magdaraos din ng magkahiwalay na patimpalak sa sumusunod na wikang panrehiyon: a) Sinugbuanong Binisaya, at b) Iluko. Ang patimpalak na ito ay para sa tula at maikling kuwento. Ang tema para sa tula at maikling kuwento sa Sinugbuanong Binisaya at Iluko ay malaya.

3. Ang patimpalak ay bukas sa lahat ng manunulat maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang mga kaanak. Kalakip ang tuntunin ng patimpalak.

4. Para sa iba pang impormasyon, tumawag sa KWF sa tel. blg. 736-3832, 736-3831, 736-2525, telafax blg. 736-2523, e-mail address: gawad_kwf@yahoo.com.ph.

5. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**FE A. HIDALGO**
Pangalawang Kalhim
Nanunungkulang Kalihim

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: W a l a
Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVALS
CONTESTS
Learning Area, FILIPINO

Madel:c:gawad komisyon
6-14-06

# GAWAD KOMISYON 2006

Ang **GAWAD KOMISYON 2006** ay patimpalak sa pormal na pagsulat na itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) kaugnay ng pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa (Agosto 1-31, 2006).**

Ang gawad komisyon para sa taong ito ay kinabibilangan ng dati nang **Gawad Komisyon sa Sanaysay-Gantimpalang Collantes** na nasa wikang **Filipino**.

Bukod dito, sa kaunaunahang pagkakataon ay magdaraos din ng **magkahiwalay** na patimpalak sa sumusunod na wikang pangrehiyon: (1) **Sugbuanong Binisaya**, at (2) **Iluko**. Ang patimpalak sa pangrehiyong wika ay para sa **tula** at **maikling kuwento**. Sa susunod na mga taon ay palalawakin ang saklaw ng patimpalak sa iba pang wikang panrehiyon at lokal.

## MGA TUNTUNIN:

1. Bukas ang patimpalak sa lahat ng manunulat, di kasali ang mga kawani ng KWF at kanilang kaanak.

2. Para sa Gantimpalang Collantes na nasa wikang Filipino, ang mga dating lumahok, na nanalo sa una at pangalawang gantimpala sa magkasunod na taon ay makakasali lamang muli pagkaraan ng dalawang ( 2 ) taon.

3. Ang lahok ay kailangang orihinal at hindi salin mula sa ibang wika at hindi pa nanalo ng major prize sa ibang patimpalak at hindi pa nalalathala..

4. Ang mga lahok ay walang pagkakakilanlan kahit pangalan. May hiwalay na pormularyo na makukuha sa KWF o sa http://wika.pbwiki.com para sa pangalan, address at iba pang impormasyon. Kinakailangang nakanotaryo ang nasabing pormularyo.

5. Ang paksa para sa sanaysay sa Filipino ay "Ang buwan ng wikang pambansa ay buwan ng mga wika sa Pilipinas" o anumang temang nakatuon sa dibersidad pangwika at dibersidad pangkultura ng Pilipinas.

6. Malaya ang paksa sa patimpalak sa tula at maikling kuwento para sa wikang Sugbuanong Binisaya at Iluko.

7. Haba. Para sa sanaysay, labinlima (15) hanggang tatlumpung (30ng) pahina. Para sa tula, isang koleksyon na binubuo ng pito (7) hanggang sampung (10ng) tula. Para sa

maikling kuwento, sampu (10) hanggang dalawampung (20ng) pahina. Ang mga lahok ay kailangang maging makinilyado o kompyuterisado (Font 12-Arial) dobleng espasyo sa 8 ½ x 11 na bond paper at may palugit na isang (1) pulgada sa itaas.

8. Kailangang maglakip ng apat (4) na hard copy at isang (1) electronic file ang bawat lahok.

9. Isang (1) lahok lamang sa bawat kategorya ang maaaring isumite ng isang indibidwal.

10. Para sa gantimpala sa bawat kategorya:

| | | | |
|---|---|---|---|
| Unang Gantimpala ---------------Php | 15,000.00 | + | tropeo |
| Ikalawang Gantimpala------------ | 10,000.00 | + | plake |
| Ikatlong Gantimpala -------------- | 8,000.00 | + | plake |
| Tatlong (3) Karangalang Banggit | 2,000.00 | + | sertipiko |

Lahat ng lalahok sa patimpalak ay tatanggap ng KATUNAYAN NG PAGLAHOK sa araw ng pagsusumite ng lahok sa tanggapan.

11. Ang pasya ng inampalan ay pinal at di maipaghahabol. Lahat ng mga lahok na nanalo ay pag-aari ng KWF at karapatan nito ang pagpapalimbag na walang tatanggaping royalty ang may-akda.

12. Ipadala o personal na isumite ang lahok bago dumating ang ika-5:00 ng hapon sa Hulyo 28, 2006. Kung ipadadala sa email, isama bilang attachment (sa format na MS Word document) ang (1) akda at (2) nasagutan at nilagdaang pormularyo ng KWF.

Komisyon sa Wikang Filipino
G/F Watson Bldg., 1610 J.P.Laurel St.
Malacanang Palace Complex, San Miguel, Maynila
Tel. 7363832 / 7362525 / email add: gawad _kwf@yahoo.com.ph